Pangalan:____________________

Ms. Jem

## Basahin at Unawain

# Makukulay na Lobo



May hawak akong pulang lobo. Ang lobo ay lumilipad sa hangin. Nakikita ko ang makukulay na lobo sa parke. Ang mga bata ay masayang naglalaro nito. Ang lobo ay nagbibigay ng saya sa kanila.



## Mga Tanong:

1. Ano ang kulay ng lobo ng bata?

____________________

2. Saan lumilipad ang lobo?

____________________

3. Saan nakikita ang makukulay na lobo?

____________________

4. Ano ang ginagawa ng mga bata?

____________________

5. Ano ang naibibigay ng lobo sa mga bata?


____________________

**Pangalan:**________________________________________

*Ms. Jem*

## Basahin at Unawain

# Ang Eroplanong Papel



Gumawa ako ng eroplano mula sa papel. Pinalipad ko ito pataas sa hangin. Lumipad ito nang mataas at mabilis. Nakita ng aking kaibigan ang aking eroplano. Kami ay natuwa sa aming paglalaro nito.



## Mga Tanong:

1. Ano ang ginawa mula sa papel?

________________________________________

2. Saan pinalipad ang eroplano?

________________________________________

3. Paano lumipad ang eroplano?

________________________________________

4. Sino ang nakakita sa eroplano?

________________________________________

5. Ano ang naramdaman ng bata sa kanilang paglalaro?

________________________________________


Pangalan:________________________________________

Ms. Jem

## Basahin at Unawain

# Saranggola

May hawak akong makulay na saranggola. Ginawa ko ito mula sa plastik. Pinalilipad ko ito sa malawak na bukid. Umangat ito nang mataas sa hangin. Ako ay napakasaya sa pagpapalipad nitong aking saranggola.



## Mga Tanong:

1. Ano ang hawak ng bata?

________________________________________

2. Saan gawa ang saranggola?

________________________________________

3. Saan pinalilipad ang saranggola?

________________________________________

4. Paano umangat ang saranggola?

________________________________________

5. Ano ang nararamdaman ng bata?

________________________________________


Pangalan:________________________________

Ms. Jem

**Basahin at Unawain**

# Bangkang Papel sa Ilog

Gumawa ako ng bangka mula sa papel. Inilagay ko ito sa malinaw na tubig ng ilog. Dahan-dahan itong lumutang at umusad. Ang gandang pagmasdan ng paggalaw ng bangka kasabay ang agos. Tuwang-tuwa akong maglaro ng bangkang papel sa ilog.



**Mga Tanong:**

1. Ano ang ginawa ng bata?

________________________________

2. Saan inilagay ang bangkang papel?

________________________________

3. Paano gumalaw ang bangka?

________________________________

4. Ano ang gumagalaw kasabay ang agos?

________________________________

5. Ano ang nararamdaman ng bata sa paglalaro ng bangkang papel sa ilog?

________________________________